**ZOLL AED 3®**

# Mabilis na Gabay sa Pagsisimula




ZOLL®

# Mabuhay

Salamat sa pagpili sa ZOLL AED 3® bilang ang iyong naka-automate na external na defibrillator, ang pinaka-advanced na AED sa mundo ngayon. Sundin ang mga simpleng tagubiling ito para i-set up ang iyong AED 3 sa loob lang ng ilang minuto. Kapag kumpeto na ang pag-set up, itala ang iyong serial number at mag-log in sa www.zollaed3.com para irehistro ang iyog AED 3 para sa pinahabang warranty.

Kung mayroon kang anumang tanong o alalahanin, makipag-ugnayan sa ZOLL sa +1-978-421-9655 o padalhan kami ng email sa tservice_master@zoll.com o makipag-ugnayan sa awtorisadong distributor kung saan mo binili ang iyong AED 3.

# Mga Nilalaman

Folder ng dokumentasyon:

- Mabilis na Gabay sa Pagsisimula
- PlusTrac™ Activation Certificate
- Sangguniang Gabay/Poster sa Pagsagip ng ZOLL AED 3
- ZOLL AED 3 Manwal ng Operator

Nasa Kahon:

- ZOLL AED 3
- Folder ng dokumentasyon
- CPR Uni-padz™
- Battery ng ZOLL AED 3

# Kumpletuhin ang Pagrerehistro ng AED


Mag-log in sa: www.zollaed3.com para:

- Magparehistro para sa iyong libreng 2 taong pinahabang warranty
- I-set up ang iyong PlusTrac account gamit ang PlusTrac Activation Certificate mo,* na nagpapangyari sa iyong maging kwalipikado para sa unang taon ng PlusTrac nang walang bayad
    - Subaybayan ang kahandaan ng iyong AED 3
    - Subaybayan ang pagsasanay ng iyong mga taga-responde
    - Pamahalaan ang iyong programa ng AED online
    - Makatanggap ng mga paalala sa email at notification ng alerto
    - Bigyang-daan ang iyong AED 3 na regular na iulat ang mga resulta ng sariling pagsusuri sa PlusTrac sa pamamagitan ng iyong lokal na Wi-Fi network
- Makatanggap ng impormasyon sa pag-set up ng iyong ZOLL Online Account para sa pag-upload at pamamahala ng clinical event data sa ZOLL Case Review™


*kasama sa folder ng dokumentasyon ang certificate ng pag-activate




# Pag-set up sa iyong ZOLL AED 3





Alisin ang lahat ng laman ng lalagyan na ginamit sa pagpapadala.





Alisin ang CPR Uni-padz sa pamprotektang kahon nito.




Isaksak ang cable connector ng CPR Uni-padz sa electrode port ng AED 3.




Alisin ang baterya ng AED 3 mula sa lalagyan na ginamit sa pagpapadala. Hawakan ang baterya sa magkabilang gilid nang nakaharap sa labas ang label. Ipasok ang baterya sa likod ng AED hanggang sa mag-click ito sa puwesto at tumugma ang notch sa dulo ng baterya sa hugis ng puwang na nasa lalagyan ng baterya




Magsasagawa ng awtomatikong sariling pagsusuri ang ZOLL AED 3. Habang isinasagawa ang sariling pagsusuri, ilagay ang CPR Uni-padz sa likod ng AED para nakaharap sa iyo ang label na nasa package.






Matapos makumpleto ang sariling pagsusuri ng AED 3, kumpirmahing nakapasa ito sa pamamagitan ng pakikinig sa naririnig na prompt na “OK ANG YUNIT” o paghahanap sa berdeng check na simbolo sa window ng indicator ng status. Handa nang gamitin ang iyong AED 3. Kung mayroon kang anumang tanong, sumangguni sa manwal ng operator na kasama sa folder ng dokumentasyon.

**Mga Tanong:**
Makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL o sa iyong lokal na awtorisadong kinatawan ng ZOLL

**Serbisyong Teknikal ng ZOLL:**

Telepono: +1-978-421-9655

Email: tservice_master@zoll.com

9650-001753-74 Rev. A